


9

Filipino

Unang Markahan – Modyul 6: Pangwakas na Awtput



**Filipino – IkasiyamnaBaitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan– Modyul 6: Pangwakas na Awtput
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) naginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Nelia S. Lim, Jennifer S. Ontolan, Emma P. Tormis, Almera M. Carido
Editor: Anita D. Subebe
Tagasuri: Susan M. Bellido
Tagaguhit: Nelia S. Lim
Tagalapat: Marvin D. Barrientos
Tagapamahala: Isabelita M. Borres
Eugenio B. Penales
Sonia D. Gonzales
Ma. Liza R. Tabilon
Lilia E. Abello
Evelyn C. Labad

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

Unang Markahan – Modyul 6: Pangwakas Na Awtput

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May Susi ng Pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.


Alamin



Kumusta kaibigan? Binabati kita sa iyong paglalakbay sa ilang mga bansa ng Timog -Silangang Asya. Naririto akong muli ang iyong kaibigang si Kokoy kasama ang ating mahal na guro upang gabayan ka sa huling kasanayan para sa unang markahan ng iyong pag-aaral.

Maraming salamat sa pagpapakilala Kokoy. Magandang araw sa iyo mahal kong mag-aaral.

Hindi ba sa una nating aralin ay pinuntahan natin ang bansang Singapore? Tinalakay natin nang masinsinan “Ang Ama” na salin ni Mauro R. Avena? Naalaala mo pa ba ang iba’t ibang katagang gamit sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o *transitional devices*? Paano naman ang nobela ng Indonesia, na “Takipsilim” at sa Pilipinas na “Timawa”? Pamilyar pa ba sa iyo ang mga ito? Ang mga iba’t ibang layunin at mga pahayag na ginamit sa pagbibigay ng opinyon?



Naging madamdamin ka rin kaibigan nang natunghayan mo ang tulang, “Ang Punongkahoy” ni Jose Corazon de Jesus at pagsulat ng tula na may pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng isang bansang Asyano.




Naging aktibo ka rin sa pagkilala kay Estella Zeehandelaar ng Indonesia. Ginamit mo rin ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng mga opinyon na makatutulong sa paglalahad ng mga pangyayari

Natatandaan mo pa ba ang sabi ni Aristotle na ang dula ay isang masining at makaagham na panggagaya sa kalikasan ng buhay? Bitbit mo pa ba ang layuning mang-aliw, magturo, magbigay ng mensahe, makaantig ng damdamin at magpukaw ng isipan. Nakasisiguro ako kaibigan, busog na busog ka sa lahat ng kaalamang aking binanggit. Alam kong nasasabik ka na sa mga inihanda kong mga gawain na angkop sa iyong pagkatuto. Tara na, sisimulan na natin.

Pagkatapos ng paglalakbay inaasahan ko na magagawa mo ang pangwakas na awtput:

- Naibabahagi ang sariling pananaw na resulta ng isinagawang sarbey tungkol sa tanong na “Alin sa mga babasahin ng Timog-Silangang Asya ang iyong nagustuhan?”



Subukin

Sandali lang. Bago mo ipagpatuloy ang iyong paglalakbay, subukin mo munang sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Gawin na!

Panuto: Basahin at unawain ang bawat katanungan. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga pangatnig na *transitional devices* ay nakatutulong sa
 - A. pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.
 - B. pagbibigay-kahulugan sa konotasyon at denotasyon ng mga salita.
 - C. pagtukoy sa mga pangunahing tauhan sa maikling kuwento o alamat.
 - D. pagkilala kung kailan naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos.



2. Ang tulang naglalarawan ng pagpapahalaga o pagkamuhi ng makata o may-akda sa isang pook o pangyayari ay tinatawag na tulang _____.
 - A. Mapang-uroy
 - B. Mapaglarawan
 - C. Mapang-aliw
 - D. Mapangpanuto

3. Ang pang-ugnay ay bahagi ng salitang _____.
 - A. pangkayarian
 - B. pananda
 - C. pantukoy
 - D. pangawing

4. Isang uri ng dulangnagtataglay ng malulungkot na pangyayari subalit nagwawakas na masaya ang _____.
 - A. Komedyang
 - B. Melodrama
 - C. Tragikomedyang
 - D. Trahedya

5. *Simula ng natutong magsarili, siya'y nagging responsableng bata.* Ang pangungusap ay may pang-abay na pamanahon na _____.
 - A. Walang pananda
 - B. Payak na salita
 - C. May pananda
 - D. Inuulit

6. Sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento, gumagamit tayo ng mga
 - A. Pantukoy
 - B. Pangatnig
 - C. Pandiwa
 - D. Pang-abay

7. _____ araw ng Linggo, nagsisimba ang buong mag-anak. Ang salitang na wawala sa pangungusap ay _____.
 - A. Kung
 - B. Kapag
 - C. Sa
 - D. Simula

8. Anong kulturang Pilipino ang inilarawan sa dulang “Tiyo Simon”?
 - A. Ang pananampalataya, pagsamba, at pananalig ng tao sa Dios
 - B. Ang pagsama ni Tiyo Simon sa simbahan
 - C. Ang pagpapaalala ng ina sa anak
 - D. Ang pagpapahalaga sa tunog ng batingaw ng simbahan

9. Paano naiiba ang dulang melodrama sa iba pang uri ng dula?
 - A. Ang melodrama ay nagtataglay ng hamon sa buhay.
 - B. Ang melodrama ay nagtataglay ng malungkot na pangyayari, nakakaantig ng damdamin subalit nagwawakas ito nang masaya.
 - C. Ang melodrama ay nagpapaiyak sa mambabasa.
 - D. Ang melodrama ay nagbibigay ng buhay at pag-asa.

10. “Ang ngiti ni Ina ay patak ng ulan kung tag-araw. Ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw....Ang sinalungguhit ang pahayag ay nagpapahiwatig ng _____
- Pagdurusa
 - Kaligayahan
 - Kalutasan
 - Kalungkutan
11. Ang lahat ay nagsasaad ng makatotohan ang impormasyon, maliban sa _____
- Naganap ang makasaysayang EDSA Revolution noong Pebrero 25, 1986
 - Taon-taon ay dinaraan ng hindi bababa sa dalawampung bagyo ang Pilipinas
 - Nakagagamot sa sakit ng ubo ang dahon ng oregano
 - Kung hindi tayo kikilos, maaaring mauwi sa wala ang ating pinaghirapan

Para sa mga bilang 12-13

Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kanyang mga luha at saka tumayo. Mayroon siyang naisip. Mula ngayon, magiging mabuti na siyang ama. Dinukot niya sa bulsa ang perang ibinigay ng kaniyang amo sa asawa (na kiming iniabot naman ito agad sa kanya tulad ng nararapat).

12. Mahihinuhang ang ama ay magiging _____.
- Matatag
 - Mabuti
 - Matapang
 - Masayahin
13. Ipinahihiwatig ng tekstona ang ama ay _____.
- Maawain
 - Mapagmahal
 - Matulungin
 - Maalalahanin
14. Anong uri ng pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap na, *Ayon kay Donna, ang pagpapakahulugan sa pahayag ay malinaw?*
- Pananda
 - Pangatnig
 - Pang-ukol
 - Pantukoy
15. Ang sining ng panggagaya sa tunay na kalikasan ng buhay na kinatha upang itanghal at magsilbing salamin ng buhay ay ang _____
- Kathambuhay
 - Dula
 - Teatro
 - Sarsuwela



Ilan lahat ang tamang sagot mo? Umabot ba ito sa 12 tamang sagot. Kung magkaganon ay naintindihan mo ang mga paksang tinalakay sa unang markahan.

Kaibigan, huwag kang mag – alala kung mas mababa pa sa 12 ang iskor mo, dahil ito ay pagsubok lamang sa iyong kaalaman.

Ngunit bago tayo magpatuloy isulat mo muna ang iyong naramdaman habang sinasagot ang mga katanungan sa itaas.

GAWAIN 1: SELF CHECK

Naramdaman ko habang sinasagot ko ang Subukin ang



Aralin 1 Pangwakas na Awtput



Sa wakas natapos mo na rin ang limang araling nakapaloob sa unang markahan. Nakapaglakbay ka na sa Singapore at Indonesia. Nasuri mo rin ang iba't ibang genre ng panitikan gaya ng maikling kuwento, nobela, tula, sanaysay, at dula. Marahil naliwanagan na ang iyong isip kung paano gamitin ang mga pang-ugnay, mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon, at nagamit ang mga ekspresyong nagpapahayag ng katotohanan.

Ang pangwakas na awtput ay nakatuon sa iyong sariling pananaw tungkol sa mga babasahin ng Timog Silangang Asya. Inaasahan ko na makagagawa ka ng isang portpolyo tungkol sa mga paksang nabanggit.



Balikan

Sa pagkakataong ito kaibigan, ikaw naman ang magpapakita ng mahalagang kaalamang natutuhan mo sa ating mga aralin sa unang markahan.

Handa ka na ba? Magsimula na tayo!



GAWAIN 2: BALIK-TANAW

Panuto: Sa ibaba ay may talahanayan ng mga paksang tinalakay mula Aralin 1 hanggang Aralin 5. Isulat sa unang hanay ang mga **tauhan** kung ang akdang pampanitika ay **kuwento at dula**. Kung ang akdang pampanitikan naman ay **tula at sanaysay** isulat ang **paksa** nito. Sa huling hanay isusulat mo ang bansang pinagmulan nito.


Mga tauhan / paksa	PAMAGAT	Bansang pinagmulan
	1. Ang Ama	
	2. Anim na Sabado ng Beyblade	
	3. Timawa	
	4. Ang Punongkahoy	
	5. Kay Estella Zeehandelaar	
	6. Tiyo Simon	



Tuklasin

Magaling ang ginawa mong pagsagot sa gawain 2. Ngayon ay sasamahan ka ni Kokoy na basahin at suriin ang sintesis tungkol sa mga nilalaman ng Modyul 1-5. Ito’y makakatulong sa iyo upang mabuo mo ang pangwakas na awtput para sa unang markahan.





Kaibigan, ngayon ay babasahin natin nang may pag – unawa ang sintesis tungkol sa modyul 1- 5. Handa ka na ba? Simulan na natin!

SINTESIS TUNGKOL SA MODYUL 1-5

Malinaw na ang mga aralin sa Unang Markahan – Modyul 1-5 ay naglalaman ng mga araling naghahanda sa iyo para sa susunod na gawain.

Ang **Aralin 1** ay tumatalakay tungkol sa maikling kuwento ng Singapore at kung paano ginamit ang mga *transitional devices* sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari upang makabuo ng isang *graphical representation* ng isang kuwento.

Nakatuon naman ang **Aralin 2** sa pag-alam sa mahahalagang impormasyon at kaisipan tungkol sa nobela ng Pilipinas at ang paggamit ng mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon upang makapagpahayag ng isang pangyayaring nagpapakita ng tunggaliang tao vs. sarili.

Tinalakay din natin sa Aralin 3 ang tula sa Pilipinas at ang paggamit ng mga salitang naglalarawan bilang paghahanda sa paggawa ng ilang taludtod tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng rehiyong Asya.

Matapos pag-aralan ang mga tula at salitang nagpapahayag ng damdamin, sa **Aralin 4** naman tinalakay natin ang sanaysay ng Indonesia kung saan tuon ang pag-alam sa mga iba't ibang pang-ugnay na magagamit sa pagpapahayag ng sariling pananaw.

Sa huli, binibigyang-diin sa **Aralin 5** ang pag-aaral ng dula ng Pilipinas bilang hulwaran sa pagtatalakay ng araling tungkol sa paggamit ng mga ekspresyong nagpapahayag ng katotohanan (sa totoo lang, talaga, tunay, at iba pa).


At bilang pangwakas na gawain, bahagi ng Aralin 6 ang pagsasagawa ng pinakamatindi at inaabangan mong pagganap. Sa bahaging ito ipapakita mo ang mga kasanayang nalinang sa buong markahan.

Mahaba ba ang inyong binasa? Huwag kang mag-alala dahil alam kong sulit naman ang iyong pagbabasa. Ngayon ay magpatuloy ka upang gawin ang mga pagsubok. Simulan mo na!



GAWAIN 3: PAGBUO NG KAISIPAN

Panuto: Gamit ang graphic Organizer sa ibaba, sagutin mo ang sumusunod na gawain. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.





Suriin

Ngayon ay suriin natin ang iyong mga nakuhang impormasyon at kaalaman sa limang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga susunod na gawain. Handa ka na ba? Simulan na natin kaibigan!



GAWAIN 4: SA ANTAS NG KAALAMAN


Panuto: Sagutin ang mgasumusunodnatanong/pahayag. Isulat sa loob ng bawat grapikong representasyon ang iyong sagot

A. Nalalaman ko na kailangang pag-aralan ang mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya dahil _____



B. Ano ang nabago sa iyo pagkatapos mong pag-aralan ang mga saling akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya?

C. Panuto: Gamit ang tatlong **Venn Diagram**, ibigay ang pagkakatulad ng kultura ng Pilipinas sa mga bansang pinagmulan ng mga akdang pampanitikang pinag-aralan. Isulat sa patlang ang mga bansang pinaghahambing.

Maikling Kuwento



Sanaysay



Pagyamanin


Sigurado ako na sa bahaging ito ay nabuo na sa iyong isipan ang kabuuang nilalaman ng mga paksa sa unang markahan.




GAWAIN 5: Panuto: Sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Alin sa mga babasahin sa Timog Silangang Asya ang iyong nagustuhan? Patunayan.

Binabati kita, dahil sa iyong pagsisikap na makasunod sa mga panuto ng bawat gawain. Ipagpatuloy mo lang ang ganyang pag - uugali upang mas lalo mo pang mapagtagumpayan ang iba pang mga gawain. Magpatuloy ka!






Isaisip

Alam mo ba?

Ang aklat ay susing tagapagbukas sa pintuan ng karunungan at kaalaman. Ayon kay Alan Boyko, **“the more kids read, the better reader they become...”** mahalaga ang pagkahilig sa pagbabasa at mabuti itong masimulan sa murang gulang pa lamang. Ito ay kailangan ng tao upang hindi siya maiwan sa takbo ng panahon lalo na ngayon na maraming bagong kaalaman ang natutuklasan sa pamamagitan ng kaalamang panteknolohiya. Mabuti itong pampalipas oras dahil bukod sa maituturing itong solusyon sa pagkabagot ay may mga aral pang makukuha sa mga akdang pampanitikang maaaring maging gabay sa buhay.




Isagawa



Marahil handa ka na kaibigan sa pagsasagawa ng inaasahang awtput sa unang markahan. Sa mga nalilinang at angkin mo ngayong kasanayan, natitiyak kong kayang-kaya mong maisagawa ang isang malikhaing **puno ng kaalaman** na magtatampok ng mga saling akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya.

GAWAIN 6: Panuto: Sa isang malinis na papel gumuhit ng isang punongkahoy, gaya ng larawan sa ibaba. Sa bawat bilog ng puno isusulat mo ang mga pamagat, tauhan, at tagpuan ng akdang mula sa Timog-Silangang Asya na iyong nabasa. Hindi na kasama ang mga akdang napag-aralan natin sa markahang ito.



Napagod ka ba sa mga gawain? Huwag kang mag – alala dahil makakatulong ito sa iyo upang mas mapalalawak at mapalalalim mo pa ang iyong kaalaman. Ngayon ay susubukin natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan nang pagsagot sa pagtataya. Alam kong kayang – kaya mo ito dahil nandito kami ni Kokoy na gagabay sa iyo. Simulan mo na!





Tayahin

Panuto: Basahin a unawain ang bawat katanungan. Isulat sa sagutang papel ang titik ng iyong sagot.

1. Kung ang sanaysayna di-pormal ay tinatawag na personal na sanaysay, ang sanaysay na impersonal naman ay ____.
A. Naglalarawan
B. Pormal
C. Nangungutya
D. Nang-aaliw
2. Ang kuwentong “Ang Ama” ay isanguri ng kuwentong_____ na nakatuon sa pagkakabuong mga pangyayari.
A. Makabanghay
B. Makatotohanan
C. Naglalarawan
D. Nanghikayat
3. Ang tulang isinulat ni Pat V. Villafuerte na may pamagat na “Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, at Buhay ng Kinabukasan” ay nagpapahiwatig na ang kultura ay____
A. Nagbabago
B. Di nagpapalit
C. Naaalis
D. Di itinuturo
4. Anong persona ang nagsasalita sa tulang “Ang Punongkahoy”?
A. Taong nagsisisi
B. Taong naghihingalo
C. Taong lulong sa bisyo
D. Taong may malasakit sa kalikasan
5. Anong klaseng buhay ang binanggit sa tulang “Ang Guryon”?
A. Lumalaban at nagwawagi
B. Lumilipad at matatag
C. Manipis at matayog
D. Marupok at malikot
6. Ano ang sinisimbolo ng punongkahoy sa tula?
A. Krus
B. Libingan
C. Buhay
D. Kandila
7. Ito ang tunggali ang naganap sa isipan ng tao
A. Tao vs kalikasan
B. Tao vs kalamidad
C. Tao vs kapwa
D. Tao vs sarili

8. Isang halimbawa na pahayag ng metatag na opinyon ang____
 - A. Kumbinsido akong
 - B. Hindi ako naniniwala
 - C. Sa tingin ko
 - D. Sa totoo lang

9. Alinsunod sa batas, bawal ang pagpuputol ng mga puno sa kabundukan. Anong uring pang-ugnay ang salitang may salungguhit?
 - A. Pang-angkop
 - B. Pangatnig
 - C. Pang-ukol
 - D. Pang-abay

10. Saan nagmula ang sanaysayna “Kay Estella Zeehandelaar”?
 - A. Korea
 - B. Taiwan
 - C. Singapore
 - D. Indonesia

11. Isang tula na alay sa mga pumanaw na mga mahal sa buhay
 - A. Oda
 - B. Awit
 - C. Elehiya
 - D. Salmo


12. Mga pahayag na nagsasaad ng ideya o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat na totoo at hindi mapapasubalian ay ang____
 - A. Ebidensiya
 - B. Opinyon
 - C. Katotohanan
 - D. Pahayag

13. Isang matalinong pagkukuro ng sumulat tungkol sa isang paksa.
 - A. Sanaysay
 - B. Dula
 - C. Maikling Kuwento
 - D. Tula

14. Sa mga pangungusap na, *Nagugutom si Egay at nagluluto si Mulong ng pansit*, ano ang angkop na gamiting pang-ugnay upang maging iisang pangungusap ang mga nabanggit?
 - A. Kaya
 - B. Palibhasa
 - C. Subalit
 - D. Datapwat

15. Itoy isang pananaw ng isang tao o pangkat na maaaring totoo pero puwedeng pasubalian ng iba.
 - A. Katotohanan
 - B. Opinyon
 - C. Patunay
 - D. Pahayag

Napakagaling mo naman kaibigan! Barangay clap ang nais kong marinig mula sa iyo! Talagang walang imposible basta't lagging aktibo sa bawat paglalakbay natin.



Karagdagang Gawain

Nawa'y lumawak pa ang iyong kaalaman sa tinalakay nating pangwakas na awtput na ito. Huwag ka sanang magsawa sa patuloy nating pag-aaral. Bilang karagdagang mga gawain, tunghayan ang susunod nating aralin para sa ikalawang kwarter.

1. Tanka at Haiku ng Japan
2. Pabula ng Korea at Pilipinas
3. Sanaysay ng Taiwan
4. MaiklingKuwento ng China
5. Dulamulasa Mongolia



Hanapin mo lamang sa iyong aklat na Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino baitang 9 o kaya'y makipagsangguni lamang sa amin ni Kokoy para sa karagdagang impormasyon.

Binabati ka namin dahil sa matiyaga mong pagsama sa pagtatalakay sa Unang Markahan. Alam kong nakapapagod maglakbay, ngunit sulit naman dahil matagumpay mong natutuhan ang mahahalagang konseptong nakapaloob sa mga aralin. Ngayon ay handa ka na para sa Unang Panahunang Pagsusulit. Sa muli, ito ang iyong guro na nagpapaalala na magingat ka palagi at huwag kalimutang maghugas ng kamay at masuot ng face mask sa iyong paglalakbay sa Silangang Asya. Paalam!

Pagbati kaibigan, dahil sa walang sawamong pag – aaral sa modyul na ito ng may pag – unawa at pagsisikap. Alam kong handa ka na sa ating unang markahang pagsusulit na kayang – kaya mong ipasa. Sa muli, ako si KOKOY na iyong kaibigan na nagsasabing mag-aral ka ng mabuti upang buhay mo’y guminhawa palagi. Paalam hanggang sa muli nating pagkikita.





Susi saPagwawasto

ISAGAWA
Gawain 6
PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA

<p style="text-align: center;">Barayti ng mga akda 30%</p> <p style="text-align: center;">Kaangkupan sa layunin</p> <p style="text-align: center;">Kaayusan ng guhit</p> <p style="text-align: center;">Hikayat</p> <p style="text-align: center;">Kabuunang grado</p>	<p style="text-align: center;">30%</p> <p style="text-align: center;">20%</p> <p style="text-align: center;">20%</p> <p style="text-align: center;">100%</p>	<p style="text-align: center;">100%</p>
---	--	--

Subukin

1. A
2. B
3. A
4. B
5. C
6. B
7. B
8. A

Tayahin

1. B
2. A
3. B
4. A
5. D
6. C
7. D
8. A

9. B
10. B
11. D
12. B
13. B
14. C
15. B

Sanggunian

Peralta, Romulo N. et al. (2014), *PanitikangAsyano 9/Geumcheongu*, Seoul, Korea: Republika ng Korea, Prinpia Cop., Ltd., 2017.

Para sangkatanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph